


# Arts

## Ikaapat na Markahan – Modyul 2: Ang Gumagalaw na Sining (Mobile Art)



**Arts – Ikalimang Baitang  
Alternative Delivery Mode  
Ikaapat na Markahan – Modyul 2: Ang Gumagalaw na Sining (Mobile Art)  
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa aklat na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Rutchel F. Espino  
**Editors:** Eden Lynne V. Lopez, Ana Lou R. Montilla  
**Tagasuri:** Shirley L. Godoy, Jo-Ann Cerna-Rapada, Charo C. Sombilon  
**Tagalapat:** Eden Lynne V. Lopez, Ryan R. Tiu  
**Tagapamahala:** Ma. Gemma M. Ledesma  
Bebiano I. Sentillas  
Rosemarie M. Guino  
Joy B. Bihag  
Ryan R. Tiu  
Nova P. Jorge  
Raul D. Agban  
Lorelei B. Masias  
David E. Hermano, Jr.  
Shirley L. Godoy  
Eva D. Divino  
Jo-ann C. Rapada

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education – Region VIII**

Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte  
Telefax: (053) 832-2997  
E-mail Address: region8@deped.gov.ph

# Arts

## **Ikaapat na Markahan – Modyul 2: Ang Gumagalaw na Sining (Mobile Art)**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## Alamin

Ang gumagalaw na sining o mobile art ay isang uri ng kinetikong iskultura na kung saan ang mga bagay ay isinasabit sa mga tali, kawad at kabilya upang malayang makagalaw at makaikot. Ginagamit itong pandekorasyon sa mga tahanan o maging sa mga paaralan.

Ang modyul na ito ay ginawa upang makatulong sa paglinang ng iyong kaisipan na makagawa ng mga bagay na pandekorasyon at mapagkakitaan.

Pagkatapos ng araling ito, tayo ay makatukoy ng iba't ibang techniques o pamamaraan sa paggawa ng *Mobile art* (A5EL-IVb 2.1) at inaasahang makamit ang mga sumusunod:

- a. Natutukoy ang iba't ibang techniques o pamamaraan sa paggawa ng *Mobile art* ;
- b. Nakasusunod sa wastong hakbang sa paggawa ng *mobile art*; at
- c. Nagpapakita ng pagpapahalaga sa kalikasan sa paggamit ng *recycled materials* para sa likhang-sining



## Subukin

I. **Panuto:** Piliin ang tamang sagot. Bilugan ang titik lamang.

1. Tukuyin ang larawan na nagpapakita ng isang gumagalaw na sining o mobile art.

A.



(Handaculture 2015)

B.



(pvdberg. 2018)

C.



(Efraimstochter 2015)

2. Pagsunod-sunurin ang tamang hakbang sa paggawa ng isang sining. Bilugan ang titik ng tamang sagot.
  1. Iguhit ang paborito mong bagay gamit ang lapis.
  2. Kulayan ang iginuhit na bagay gamit ang krayola.
  3. Kumuha ng isang kartolina na may matingkad na kulay.
  4. Ipakita sa guro ang nagawang proyekto.
 

A. 1,2,3,4	C. 2,4,1,3
B. 3,1,2,4	D. 4,3,2,1
  
3. Nakakita ka ng isang plastic na bote sa iyong bahay, Ano ang gagawin mo nito?
 

A. Iresiklo ( <i>recycle</i> )	C. Itapon sa dagat
B. Sunugin	D. Pabayaang
  
4. Ang paggawa ng pansariling palamuti mula sa mga hindi pangkaraniwang bagay ay nagpapakita ng \_\_\_\_\_.
 

A. Pagiging magarbo	C. Pagiging maayos
B. Pagiging malikhain	D. Pagiging mayaman
  
5. Ano ang kahalagahan sa paggamit ng *3D art* sa paglikha ng sining?
 

A. Nagbibigay kaguluhan	C. Nagbibigay buhay sa sining
B. Nagbibigay kalituhang	D. Walang kahalagahan
  
6. Nanggagaling sa \_\_\_\_\_ ang paggawa ng isang magandang likhang-sining.
 

A. Isipan	D. Galaw
B. Puso	C. Puso at Isipan
  
7. Ano ang tamang gawin sa paggawa ng isang magandang sining?
 

A. Sundin ang mga hakbang	C. Hindi tapusin
B. Gawin ito nang mabilisan	D. Gumamit ng hindi angkop na materyales
  
8. Ano ang iyong gagawin sa mga bagay na iyong ginamit pagkatapos lumikha ng isang sining?
 

A. Linisin at iligpit ang mga ito	C. ipaligpit sa kaklase
B. Hayaan at pabayaang ang mga ito	D. ipaligpit sa magulang
  
9. Ano kaya ang iyong maramdaman pagkatapos makalikha ng isang magandang sining ?
 

A. Malungkot	C. Maiinis
B. Masaya	D. Magagalit
  
10. Bilang isang mag-aaral, ano ang iyong gagawin upang mapaunlad ang iyong pagka-malikhain?
 


A. Pagmumukmok	C. pag-eensayo
B. pagsasawalang-bahala	D. walang gagawin

## Aralin

# 1

## Ang Gumagalaw na Sining (*Mobile Art*)

Ang simpleng *mobile art* ay maaaring magawa sa pamamagitan ng mga disenyo na nakatali sa isang tali o lubid. Mas mabuti ring gumamit ng mga bagay na nagamit na at maaaring *i-recycle* upang mabigyan ng bagong buhay.



### **Balikan**

Ano anong mga lumang bagay na sa tingin mo ay hindi na magagamit pero puwede pang *ma-recycle* sa pamamagitan ng paggawa ng *mobile art*?

**Panuto:** Isulat sa patlang ang iyong sagot.

---


---

---



### **Tuklasin**

**Panuto:** Pagmasdang mabuti ang larawan at sagutin ang katanungan sa ibaba. Isulat sa patlang ang sagot.



(Julietchristine 2010)

Mga Tanong:

1. Ano ano ang mga bagay na ginagamit mo sa paglikha ng *mobile art*?

---

2. Paano nabuo ang nilikha mong *mobile art*?

---

3. Ano kaya ang maramdaman mo kung makagawa ka ng ganitong sining?

---



## **Suriin**

Ang *mobile art* ay isang uri ng kinetikong iskultura na kung saan ang mga bagay ay isinasabit sa mga tali, kawad, at kabilya upang malayang makagalaw at makaikot. Ginagamit itong pangdekorasyon sa mga tahanan o maging sa mga paaralan.

Matutuhan ninyo ang mga kagamitan sa paggawa ng isang obra maestra bilang paghahanda sa pagbuo ng iyong orihinal na *mobile art* na maaari ninyong gawing dekorasyon o palamuti sa inyong tahanan.

Upang maging makabuluhan ang pagawa ng *mobile art* ay kailangang lagyan ng diwa tulad ng pangangalaga sa kalikasan, pagpapahayag ng yaman ng kultura, o pagsasalaysay ng isang kuwento. Mas mabuti ring gumamit ng mga bagay na nagamit na at maaring *i-recycle* upang mabigyan ng bagong buhay. Maaari ring gumamit ng mga *found object* o mga bagay na napulot tulad ng mga kabibe, maliliit na bato, at iba pa. Ang iyong pagiging malikhain ang matatag na pagmumulan ng magandang *mobile art* na magagawa.

Lilikha tayo ng isang sining na gumagalaw o mas kilala sa tawag na *mobile art*. Ang simpleng *mobile art* ay maaaring magawa sa pamamagitan ng mga disenyo na nakatali sa isang tali o lubid. Pwedeng gumamit ng mga bagay na maaaring *i-recycle* upang mabigyan ng bagong buhay. Maaari ring gumamit ng mga bagay na napulot tulad ng mga kabibe, maliit na bato, at iba pa. Ang iyong pagiging malikhain ay makatutulong sa paglikha ng isang *mobile art*. Narito ang mga kakailanganing kagamitan at paraan ng paggawa ng *mobile art*.

### **Gawain: Nakabitin na mga Bagay**

Ihanda ang mga sumusunod na mga kagamitan:


- a. Maliit na lubid (2 metro ang haba)
- b. Plastik na bote o kawayang patpat
- c. Mga bagay na puwedeng *i-recycle*
- d. Pandikit
- e. Gunting
- f. Mga lumang papel

(Note: Mag ingat sa paggamit ng gunting o matutulis na bagay)

Iba't ibang hakbang sa paggawa ng *mobile art*:




1. Ihanda at linisan ang mga nakolektang bagay-bagay. Maaari itong hugasan at patuyuin, punasan ng basahan, o linisin gamit ang lumang brush.
2. Ayusin ang mga bagay na isasabit sa *mobile art*.
3. Isa-isang talian at isabit sa lumang sanga ang mga nakolektang lumang bagay. Lagyan ng wastong pagitan, at magkakaibang haba ang mga isasabit na bagay upang magkaroon ng pagkakaibang lalim sa paningin ang *mobile art*.
4. Isaalang-alang ang pagkakatabi ng mga makinis at magaspang na bagay pati na rin ang maliit at malaking bagay upang magkaroon ng magandang kabuoan.
5. Isabit ang nagawang *mobile art* sa maaliwalas na lugar. Tingnan muna kung ito ay balanse at umiikot.
6. Sundin ang mga halimbawa sa larawan.



(Julietchristine 2010)



(pvdberg 2018)



## Pagyamanin

### Gawain 1.

**Panuto:** Basahin ang mga paraan sa paggawa ng mobile art. Lagyan ng tsek (✓) ang kahon kung ito ay tumutukoy sa tamang pagkasunod-sunod at ekis (x) kung hindi. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1.

- a. Ihanda ang kagamitan.
- b. Pahiran ng manipis ng wax ang molde.
- c. Pahiran ng pandikit ang lumang diyaryo at patungan ito ng isa pang pahina ng diyaryo.
- d. Idikit ito sa molde. Maaaring punitin ang dyaryo ayon sa molde upang maiwasan ang gusot. Siguruhing lahat ng parte ng molde ay nalagyan ng diyaryo. Ulitin ito hanggang magkaroon ng 8-10 patong na papel ang lahat ng parte ng molde.
- e. Ibilad sa araw upang matuyo.

2.

- a. Ihanda at linisan ang mga nakolektang dahon.
- b. Ayusin ang mga dahon na isasabit sa *mobile art*.
- c. Isa-isang talian at isabit sa lumang sanga ang mga nakolektang dahon. Lagyang ng wastong pagitan, at magkakaibang haba ang mga isasabit na bagay upang magkaroon ng pagkakakibang-lalim sa paningin ang *mobile art*.
- d. Isaalang-alang ang pagkakatabi ng mga makinis at magaspang na dahon pati na rin ang maliit at malaking dahon upang magkaroon ng magandang kabuoan.
- e. Isabit ang nagawang *mobile art* sa maaliwalas na lugar. Tingnan muna kung ito ay balanse at umiikot.

## Gawain 2.

**Panuto:** Ibigay ang tamang pagkakasunod-sunod ng mga hakbang sa paggawa ng isang gumagalaw na sining o *mobile art*. Ilagay ang 1-5 sa patlang.

- \_\_\_\_ a. Isa-isang talian at isabit sa lumang sanga ang mga nakolektang dahon. Lagyang ng wastong pagitan, at magkakaibang haba ang mga isasabit na bagay upang magkaroon ng pagkakakibang-lalim sa paningin ang *mobile art*.
- \_\_\_\_ b. Isabit ang nagawang *mobile art* sa maaliwalas na lugar. Tingnan muna kung ito ay balanse at umiikot.
- \_\_\_\_ c. Ihanda at linisan ang mga nakolektang dahon.
- \_\_\_\_ d. Isaalang-alang ang pagkakatabi ng mga makinis at magaspang na dahon pati na rin ang maliit at malaking dahon upang magkaroon ng magandang kabuoan.
- \_\_\_\_ e. Ayusin ang mga dahon na isasabit sa *mobile art*.

## Gawain 3.

**Panuto:** Bilang isang mag-aaral, paano mo maipapakita ang pagpapahalaga sa kalikasan?

---

---

---



### ***Isaisip***

Ano ang natutuhan mo sa modyul na ito?

---

---

Paano mo pahahalagahan ang iyong ginawang *mobile art*?

---

---



5. Paano mo pahahalagahan ang nagawang *mobile art*?
  - A. Baliwalain
  - B. Itago
  - C. Isabit sa bahay
  - D. Ipamigay
  
6. Ang \_\_\_\_\_ ay uri ng sining na may taas, lapad, anyong paharap, tagiliran, at likuran at maaaring malayang tumayo sa isang lugar.
  - A. 2D art
  - B. 3D art
  - C. 4D art
  - D. 5D art
  
7. Ang *mobile art* ay lubusang mahahangaan kung ito ay nakasabit sa \_\_\_\_\_ na lugar.
  - A. Mababa
  - B. Mataas
  - C. Matarik
  - D. Wala sa nabanggit
  
8. Ang \_\_\_\_\_ ay kinakailangan sa pagbuo ng *mobile art*.
  - A. Sapat na kulay
  - B. Sapat na bigat
  - C. Sapat na linya at ritmo
  - D. Sapat na balanse
  
9. Ang lahat ng nabanggit ay maaaring pakinabang sa nagawang *mobile art* maliban sa isa. Ano ito?
  - A. Pagkakitaan
  - B. Palamuti
  - C. Nagbibigay-aliw
  - D. Pampaswerte
  
10. Bakit mahalaganag isipin o isaalang-alang natin ang kaligtasan kapag isinabit natin ang *mobile art*?
  - A. Para maiwasan ang sakuna
  - B. Para makita ng tao
  - C. Para mabili ng tao
  - D. Para magbibigay aliw



## Karagdagang Gawain

**Panuto:** Gumawa ng sariling hakbang sa paggawa ng *mobile art*. Ipresenta ito gamit ang power point. Sundin ang rubriks bilang batayan sa pagmamarka.

Rubrik para sa Karagdagang Gawain na Mobile Art:

Mga Sukatan	Nakasunod sa pamantayan nang higit sa inaasahan	Nakasunod sa pamantayan subalit may ilang pagkukulang	Hindi nakasunod sa pamantayan
	5	3	2
1. Naipakita ang kaalaman sa pagkilala sa mga kagamitan sa paggawa ng <i>mobile art</i>			
2. Nailathala ang mga hakbang ng malinaw, maayos at madaling sundin.			
3. Nakapagbahagi ng bagong kaalaman at hakbang sa paggawa ng <i>mobile art</i>			
4. Nakasunod sa pamantayang itinakda			



## Susi sa Pagwawasto

**SUBUKIN**

1. B  
2. B  
3. D  
4. B  
5. C

6. D  
7. A  
8. A  
9. B  
10. C

**BALIKAN**

\*Mga lumang laruan, papel, cartolina, dahon at kabibe.

**TUKLASIN**

1. Mga Resiklo na materyalis (batones, plastik, pantali at iba pa.)  
2. Sa pamamagitan ng pagtali at pagbalanse nito  
3. Pagiging masaya at pagmamalaki sa

**PAGYAMANIN**

1. ✓  
2. X

**Gawain 2**

4 a. 5 b. 1 c. 3 d. 2 e.

**Gawain 3**

\*Pagiging malinis sa kapaligiran

1. Ang Paggawa ng gumagalaw na sining o *mobile art*.  
2. Ingatan at ipagmalaki ito.

**TAYAHIN**

1. D  
2. A  
3. D  
4. A  
5. C  
6. B  
7. B  
8. D  
9. D  
10. A

Rubrik para sa Isagawa na Mobile Art:			
Nakasunod sa pamantayan nang higit sa inaasahan	Nakasunod sa pamantayan subalit may ilang pagkukulang	5	1. Naipakita ang kaalaman sa pagkilala sa mga kagamitan sa paggawa ng <i>mobile art</i>
			4. Nakasunod sa pamantayang itinakda
Hindi nakasunod sa pamantayan	3	2	2. Nakilahok nang buong sigla sa pagtatalakay
			3. Naipamalas ang wastong pag-uugali sa pangkatang Gawain

## **Sanggunian**

- Hazel P. Copiaco at Emilio S. Jacinto. *Halinang Umawit at Gumuhit 5 Textbook*. Vibal Group Incorporated. 2016. Gregorio Araneta Avenue, Quezon City, Philippines. p. 153 – 155
2017. <https://pxhere.com/en/photo/1376593>. Accessed 9 December 2020.
- Bertbau. 2017. "File:JK Mobile 3.Jpg - Wikimedia Commons". *Commons.Wikimedia.Org*. [https://commons.wikimedia.org/wiki/File:JK\\_Mobile\\_3.jpg](https://commons.wikimedia.org/wiki/File:JK_Mobile_3.jpg). Accessed 9 December 2020.
- Efraimstochter. 2015. <https://pixabay.com/photos/do-it-yourself-handicraft-696497/>. Accessed 6 December 2020.
- Efraimstochter. 2015. <https://pixabay.com/photos/bird-do-it-yourself-handicraft-696522/>. Accessed 9 December 2020.
- Handaculture. 2015. "File:Paper Beads.Jpeg - Wikimedia Commons". *Commons.Wikimedia.Org*. [https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Paper\\_beads.jpeg](https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Paper_beads.jpeg). Accessed 6 December 2020.
- Julietchristine. 2010. "File:Modern Mobile-Art Mobiles Mobius.Jpg - Wikimedia Commons". *Commons.Wikimedia.Org*. [https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Modern\\_mobile-art\\_mobiles\\_mobius.jpg](https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Modern_mobile-art_mobiles_mobius.jpg). Accessed 6 December 2020.
- pvdberg. 2018. <https://pixabay.com/photos/mobile-windspiel-decoration-art-3416843/>. Accessed 6 December 2020.
- "Bottle, Glass, Crafts". Accessed December 9. <https://www.pikist.com/free-photo-vwull>.



**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)